



Pagpapahayag at Pagpapatunay ng TWIC

MGA TAGUBILIN: Kung kailangan mong kumuha ng Pagkakakilalang Kakayahan Bilang Manggagawa sa Pagpapadala (Transportation Worker Identification Credential (TWIC)), ikaw ay inaatang sumailalim sa isang pagsusuri sa panganib sa kaligtasan. Upang sumailalim sa pagsusuring ito, ang lahat ng mga aplikante ay kailangang magbigay ng mga impormasyon na hinihingi sa ibaba at mga angkop na mga dokumento upang mapatunayan ang kanilang pagkakakilanlan at ang kalagayan bilang isang dayuhan (kung angkop) bilang bahagi ng proseso ng pagpapatala. Ang mga nakumpletong mga pormularyo ay kailangang personal na ibigay sa umpisa ng proseso ng pagpapatala. Kung sa simula ikaw ay hindi kuwalipikado, ikaw ay *maaaring* maging karapat-dapat para sa TWIC at dapat magaplay ng isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver), na magbibigay sa iyo ng pagkakataong makapagbigay ng karagdagang impormasyon ng mga dokumento upang masuportahan ang iyong pagiging karapat-dapat. Kailangan mong maghintay ng isang *Paunang Pagtitiyak sa Pagsusuri sa Panganib (Initial Determination of Threat Assessment) (IDTA)* na liham bago magprisinta para sa isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver).

Seksiyon 1 - Pagpapahayag	
Bahagi A. Mga Pagkilala – Repasuhin ang bawat pahayag at sumagot sa pamamagitan ng Oo o Hindi, kung ano man ang nararapat.	
1. Bilang bahagi ng aking mga tungkuling empleo, ako ay: <ul style="list-style-type: none"> ▪ o malamang kakailanganing magkaroon ng walang-bantay na pagpasok sa mga ligtas na lugar ng mga pasilidad na malapit sa dagat o mga sasakyang-dagat na kailangan ang isang TWIC; ▪ kasalukuyan o nagpiprisinta para maging may-kakayahang merchant marine; o ▪ isang commercial driver na lisensiyado sa Canada o Mexico para makapagdala ng mga na mga materyal at/o maaaring mangalakal sa Estados Unidos. 	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
2. Naiintindihan ko na kung may plano akong magprisinta para sa o kumuha ng panibagong CG-issued mariner credential, pero hindi magbibigay ng Social Security Number at katunayan ng aking pagkamamamayan sa panahon ng pagpapatala, ako ay hihilinging bumisita sa CG Regional Exam Center para magbigay ng mga impormasyong ito para maituring na kumpleto ang aking aplikasyon para sa CG-issued credential.	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
3. Kinikilala ko na kung natiyak ng TSA o ibang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas na ako ay nagpapakita ng napipintong panganib sa pambansang kaligtasan o sa kaligtasan sa pagpapadala, maaaring ipagbigay-alam ito sa aking pinagtatrabahuhan. Ang TSA ay maaaring magbigay ng limitadong impormasyon sa pasilidad o sasakyang dagat. Paalala: Ang FBI rap sheets ay hindi ibabahagi sa mga nagpapatrabaho.	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
4. Naiintindihan ko na dahil sa ang TWIC ay nagsisilbing "I.D. Badge," bagay, o kasuutan ito ay hindi dapat makatakip sa anumang bahagi ng akingmukha kapag ang aking larawan ay kinukuha. Bilang resulta, kinikilala ko na: <ul style="list-style-type: none"> ▪ Tatanggalin ko ang sumbrero o takip sa ulo maliban na lang kung ito'y pang-araw-araw na isinusuot dahil sa relihiyosong kadahilanan. ▪ Tatanggalin ko ang madilim o salamin na may de-kulay na mga lente na hindi naman tinagubilin ng doktor, maliban na lamang kung kailangan itong suutin sa lahat ng oras dahil sa pang-medikal na kadahilanan. Kung gayon, ay maaaring kailanganin ang isang medical na sertipikasyon 	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
5. Ako ay: <ul style="list-style-type: none"> ▪ isang mamamayan ng Estados Unidos ▪ hindi ako mamamayan ng Estados Unidos, ngunit nasa kategoriyang nakatala sa pahina 3 na nagpapahintulot sa akin upang magkaroon ng TWIC. 	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
6. Ako ay kasalukuyang walang TWIC.	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Bahagi B. Ulat Pangkrimen - Repasuhin ang bawat pahayag at sumagot sa pamamagitan ng Oo o Hindi, kung ano man ang nararapat. (Mangyaring tingnan sa pahina 4 para sa karagdagang impormasyon)	
1. Sa anumang punto ng aking buhay (hindi kasama ang mga kasong pangkabataan maliban kung nahatulan bilang isang taong nasa tamang edad), ako ay nahatulan o umaming nagkasala (kasama ang "walang pagtutol") o napatunayang hindi nagkasala dahil sa kakulangan sa pag-iisip sa isang hukumang sibil o pangmilitar ng isa o higit pa sa mga sumusunod na mga krimen: <ul style="list-style-type: none"> ▪ pag-iispiya o sabuwatang mag-iispiya; ▪ pagtataksil o sabuwatang upang gumawa ng pagtataksil; o 	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Paalala: Kung ikaw ay sumagot ng "Oo", ikaw ay hindi karapat-dapat na makatanggap ng isang TWIC at/o ng isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver).	
2. Sa anumang punto ng aking buhay (hindi kasama ang mga kasong pangkabataan maliban kung nahatulan bilang isang taong nasa tamang edad), ako ay nahatulan o umaming nagkasala (kasama ang "walang pagtutol") o napatunayang hindi nagkasala dahil sa kakulangan sa pag-iisip sa isang hukumang sibil o pangmilitar ng isa o higit pa sa mga sumusunod na mga krimen: <ul style="list-style-type: none"> ▪ isang insidente ng krimen na sangkot sa kaligtasan ng transportasyon ▪ hindi tamang pagpapadala ng mga mapanganib na mga materyal ▪ labag sa batas na pagmamay-ari, paggamit, pagbebenta, 	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
<ul style="list-style-type: none"> ▪ panunulsol laban sa pamahalaan o sabuwatang para gumawa ng panunulsol laban sa pamahalaan; ▪ Isang krimeng pederal ng terorismo tulad ng isinasaad sa 18.U.S.C. 2332(g) o isang kahalintulad na batas ng Estado. ▪ mga paglabag sa RICO Act kung saan ang nagpapatunay gawain ay isang krimen na nakatala sa Bahaging B1 at B2 	

Ang mga naunang edisyon ng pormularyong ito ay wala na sa sirkulasyon.

PAGSASAAD NG KALIHIMANG AKDA: May Kapahintulutan: Ang may kapahintulutan para mangolekta ng mga impormasyong ito ay 49 U.S.C.114, 40113, at 5103a. **Ang Pangunahing (mga)Layunin:** Ang impormasyong ito ay kailangan upang malaman kung totoo ang iyong pagkakakilanlan at upang magsagawa ng isang pagsusuri sa panganib sa kaligtasan para masuri ang iyong kaangkupan para sa TWIC. Ang pagbibigay ng mga impormasyong ito, kasama ang iyong SSN o bilang ng alien registration, ay kusa; gayunman, ang hindi pagbibigay nito ay makakaantala at maaaring humadlang sa pagkakakumpleto ng iyong pagsusuri sa panganib sa kaligtasan. Para sa mga indibidwal na marino o nagpiprisinta para maging isang marino, ang SSN ay ipinag-uutos o sila ay hihilinging bumisita sa isang Coast Guard Regional Exam Center para sa impormasyong ito bago makumpleto ang aplikasyon. **Kalakaran sa (mga)Paggamit:** Kasama sa kalakaran sa paggamit ng impormasyong ito ay ang pagpapahayag sa FBI upang makuha ang ulat kriminal; para sa mga kontraktor ng TSA o ibang ahensiya na nagbibigay serbisyo na may kaugnayan sa pagsusuri sa panganib sa kaligtasan; sa nararapat na ahensiya ng gobyerno para sa paglilisensiya, nagpapatupad ng batas, o layuning pangkaligtasan; o para sa kapakanan ng pambansang kaligtasan; at para sa mga may kapahintulutang dayuhan at pangdaigdigang pamamahala alinsunod sa batas at pandaigdigang kasunduan.

PAHAYAG SA AKDANG PAGBABAWAS PAPEL: Pahayag ng Pampublikong Pabigat: Kinokolekta ng TSA ang impormasyong ito upang malaman ang iyong kaangkupan para sa TWIC. Ito ay kusang pangongolekta ng impormasyon ngunit ang hindi pagbibigay ng impormasyon ay maaaring magresulta sa hindi pag-apruba sa iyong pagtanggap ng iyong kaangkupan para sa TWIC. Tinatantiya ng TSA na ang kabuuang pangkaraniwang pabigat kada sagot na may kinalaman sa koleksiyong ito para sa pagpapatala ay humigit kumulang sa 90 minuto. Ang isang ahensiya ay maaaring hindi magsagawa o magpanukala, at ang isang tao ay hindi kinakailangang sumagot sa mga koleksiyon ng impormasyon maliban kung ito ay nagpapakita ng balidong OMB control number. Ang control number na nakatalaga sa koleksiyong ito ay OMB 1652-0047, na mawawala ng bisa sa 07/31/2001.

Ang mga naunang edisyon ng pormularyong ito ay wala na sa sirkulasyon.

Hindi ako mamamayan ng Estados Unidos, ngunit nasa kategoriyang nakatala sa baba na nagpapahintulot sa akin upang magkaroon ng TWIC:

<ol style="list-style-type: none"> 1. Legal na permanenteng residente ng Estados Unidos. 2. 'Refugee' na natanggap at alinsulud sa U.S.C. 1157(8). 3. Banyaga na binigyan ng asilo alinsulud sa 8 U.S.C 1158. 4. Banyaga na nasa balidong M-1 non-migrant status na nakatala sa Merchant Marine Academy ng Estados Unidos o kahilintulad na State maritime academy. 5. Mamamayan ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau. 6. Commercial driver na lisensiyado sa Canada o Mexico upang magdala ng mga mapanganib na materyal o natanggap sa Estados Unidos para mangalakal sa ilalim ng 8 CFR 214.2(b)(4)(i)(E). 7. Banyaga na may walang-ipanagbabawal na kaphahintulutan (unrestricted authorization) upang magtrabaho sa Estados Unidos na mayroong isa sa mga sumusunod na mga visa: <ul style="list-style-type: none"> ▪ A-1: Malapit na miyembro ng pamilya ng isang Embahador, Pampublikong Ministro, Diplomatiko, Opisyal ng Konsul, Pinuno ng Estado, na may kasunduang bilateral na naitakda; ▪ A-2: Malapit na miyembro ng pamilya ng ibang dayuhang opisyal ng gobyerno o mga empleyado galing sa Estados Unidos, kasama ang mga teknikal at support staff ng A-1, na may kasunduang bilateral na naitakda; ▪ A-13: Kabuuang pamilya; ▪ E-1: Asawa at mga anak ng isang mangangalakal ng kasunduan; ▪ E-2: Asawa ng mamumuhunan ng kasunduan o empleyado ng asawa ng mamumuhunan ng kasunduan; ▪ G-1: Malapit na miyembro ng pamilya ng isang pangunahing kinatawan na residente ng kinikilalang dayuhang miyembro ng gobyerno sa pandaigdigang organisasyon at tauhan, na may kasunduang bilateral na naitakda; ▪ G-3: Malapit na miyembro ng pamilya na may kinatawan ng isang hindi-kilala o hindi miyembro ng dayuhang gobyerno sa pandaigdigang organisasyon, na may kasunduang bilateral na naitakda; ▪ G-4: Malapit na miyembro ng pamilya ng isang opisyal o empleyado ng isang pandaigdigang organisasyon na may kasunduang bilateral na naitakda; ▪ J-2: Asawa o menor de edad na anak ng isang exchange visitor ▪ K-3: Asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos (sa ilalim ng probisyon ng LIFE Act) ▪ K-4: Anak ng K-3 ▪ L-2: Asawa o anak ng L-1; ▪ N-8: Magulang ng banyagang itinuturing SK-3 "special immigrant"; ▪ N-9: Anak ng N-8, Sk-1, SK-2, o SK-4 "special immigrant"; Malapit na miyembro ng pamilya ng opisyal at mga kinatawan ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) na may kasunduang bilateral na naitakda para sa mga sumusunod na visa: <ul style="list-style-type: none"> - NATO-1 - NATO-2 - NATO-3 - NATO-4 - NATO-5 - NATO-6 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ S-7: Asawa, walang asawang mga anak, at mga magulang ng mga saksi o mga impormante; ▪ T-1: Biktima ng matinding uri ng pangangalakal sa mga tao; ▪ T-2: Asawa ng biktima ng matinding uri ng pangangalakal sa mga tao; ▪ T-3: Anak ng biktima ng matinding uri ng pangangalakal sa mga tao; ▪ T-4: Magulang ng biktima ng matinding uri ng pangangalakal sa mga tao (kung ang T-1 ay wala pa sa edad na 21); ▪ T-5: Walang asawang kapatid na wala pa sa edad na 18 ng isang T-1 na wala pa sa edad na 21; ▪ U-1: Biktima ng isang tiyak na gawaing kriminal. ▪ U-2: Asawa ng U-1 ▪ U-3: Anak ng U-1; ▪ U-4: Magulang ng U-1 (kung ang U-1 ay wala pa sa edad na 21) ▪ U-5: Walang asawang kapatid na wala pa sa edad na 18 ng isang U-1 na wala pa sa edad na 21; ▪ V-1: Asawa ng isang LPR na pangunahing tagapagmana ng isang petisyong nakabase sa pamilya na ihinain bago Disyembre 21, 2000, at naghahintay pa rin ng may 3 taon. ▪ V-2: Anak ng isang LPR na pangunahing tagapagmana ng isang petisyong ng visa na nakabase sa pamilya na ihinain bago Disyembre 21, 2000, at naghahintay pa rin ng may 3 taon; ▪ V-3: Ang inaakong anak ng V-1 o V-2; O ▪ TPS: Kalagayang Pansamantalang Proteksyon <ol style="list-style-type: none"> 8. Banyaga na may pinagbabawal na kaphahintulutan para magtrabaho sa Estados Unidos na mayroong hawak na isa sa mga sumusunod na mga visa: <ul style="list-style-type: none"> ▪ B1-OCS: Bisitang Negosyante /panglabas na kontinente na shelf ▪ C-1/D: Pinagsamang visa ng hindi nagtatagal at tauhan ng isang kumpanya ▪ E-1 (Pangunahin): Mangangalakal ng kasunduan o empleyado ng mangangalakal ng kasunduan; ▪ E-2: Mamumuhunan ng kasunduan o empleyado ng mamumuhunan ng kasunduan; ▪ E-3: Mga mamamayang Australiano na nagtatrabaho sa mga trabahong pinagkadalubhasaan, kasama ang asawa; ▪ H-1B: Mga trabahong pinagkadalubhasaan; ▪ L-1A: Tagapamahala, pangangasiwa (intracompany transferee) ▪ L-1B: Mga propesyunal na may kadalubhasaan sa kaalaman; ▪ M-3: Mamamayang Canadian o Mexican na estudyanteng nagbibiyaha; ▪ O-1A: May di-pangkaraniwang kakayahan sa agham, sining, edukasyon, pagnenegosyo, o sa paglalaro; ▪ O-1B: May di-pangkaraniwang napagtagumpayan sa pelikula at/o telebisyon; o ▪ TN: Mga visa para sa pangangalakal para sa mga negosyanteng Canadian at Mexican na naghahanap ng mga pangpropesyunal na aktibidades para sumali sa ilalim ng North American Free Trade Agreement (NAFTA). <p><i>PAALALA: Ang mga sumusunod na uri ng visa na may walang-pinagbabawal na pahintulot para makapagtrabaho ay hindi pinapayagang makakuha ng TWIC:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ▪ S-5: Impormante ng impormasyon sa organisasyong kriminal ▪ S-6: Impormante ng impormasyon sa terorismo; ▪ K-1: Nobyo o nobya ng mamamayan ng Estados Unidos; O ▪ K-2: Menor de edad na anak ng K-1;
---	--

Ang mga naunang edisyon ng pormularyong ito ay wala na sa sirkulasyon.

Pagkadiskuwalipikadong Mga Salang Kriminal (49 C.F.R. 1572.103)

KOLUMNA A	KOLUMNA B
<p><i>Ang pagkakahatol sa isa sa mga sumusunod na krimen ay nagdidiskuwalipika hindi mahalaga kung kailan nangyari, at ang aplikante ay hindi karapat-dapat sa isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver).</i></p> <ol style="list-style-type: none">1. Pag-iispiya o sabuwatan upang gumawa ng mag-iispiya.2. Panunulsol o sabuwatan para manulsol laban sa pamahalaan.3. Pagtataksil o sabuwatan para magtataksil sa bayan.4. Isang krimeng pederal ng terorismo tulad ng isinasaad sa 18.U.S.C. 2332(g) o isang kahalintulad ng batas ng Estado.	<p><i>Ang pagkakahatol sa isa sa mga sumusunod na krimen ay nagdidiskuwalipika kung ang aplikante ay nahatulan, umaming nagkasala (kasama ang “walang pagtutol”) o napatunayang hindi nagkasala dahil sa kakulangan sa pag-iisip sa loob ng 7 taon ng petsa ng aplikasyon ng TWIC; O kung ang aplikante ay pinakawalan sa bilangguan pagkatapos mahatulan sa loob ng 5 taon ng petsa ng aplikasyon. Ang aplikante ay maaaring magprisinta ng isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver).</i></p> <ol style="list-style-type: none">1. Labag sa batas na pagmamay-ari, paggamit, pagbebenta, paggawa, pagbili, pamamahagi, pagtanggap, paglilipat, paghahatid ng mga kalakal, pagpapadala, pag-aangkat, pagluluwas ng, o nangangalakal sa mga sandatang pumuputok o ibang mga armas. Kasama, pero hindi limitado sa mga sandatang pumuputok o ibang mga armas ang mga sandatang pumuputok na nakasaad sa 18 U.S.C. 921(a)(3) o 26 U.S.C. 5 845(a), o mga bagay na nakapaloob sa Listahan ng U.S. Munitions Import sa 27 CFR 447.21.
<p><i>Ang pagkakahatol sa isa sa mga sumusunod na krimen ay nangangahulugang hindi pagkakatanggap hindi mahalaga kung kailan nangyari, at ang aplikante ay maaring magprisinta sa isang kasulatang kusang pagtalikod sa karapatan o paghahabol (waiver).</i></p> <ol style="list-style-type: none">5. Isang krimen tungkol sa kaligtasan ng transportasyon. Ang isang insidente ng kaligtasan sa transportasyon ay isang insidenteng kaligtasan na nagresulta sa makabuluhang pagkawala ng buhay, pagkasira sa kalikasan, pagkaantala sa sistema ng pagpapadala, o pagkaantala sa ekonomiya sa isang partikular na lugar, tulad ng nakasaad sa 46 U.S.C. 70101. Hindi kasama sa terminolohiyang “economic disruption” ang paghinto ng pagtatrabaho o ibang mga aksyon na may kaugnayan sa mga empleyado na walang kaugnayan sa terorismo na nagresulta sa di-pagkakasundo ng nagpapatrabaho at ng empleyado.6. Hindi tamang paghahatid ng mga mapanganib na mga materyales sa ilalim ng 49 U.S.C. 5121 o isang kahalintulad na batas ng Estado.7. Labag sa batas na pagmamay-ari, paggamit, pagbebenta, pamamahagi, paggawa, pagbili, pagtanggap, paglilipat, paghahatid ng mga kalakal, pagpapadala, pag-aangkat, pagluluwas, pag-iimbak o nangangalakal sa mga pampasabog o materyal na pampasabog tulad ng nakasaad sa 18 U.S.C. 232(5), 841 (c) hanggang 841 (f) (j); at 844 (g); at isang nakakapinsalang kagamitan, tulad ng nakasaad sa 18 U.S.C. 921(a)(4) at 26 U.S.C. 5845(f).8. Pagpatay ng tao.9. Gumagawa ng anumang pananakot, o malisyosong pagbibigay impormasyon na alam naman, patungkol sa paghahatid, paglalagay, o pagputok ng pampasabog o ibang nakamamatay na kagamitan sa pampublikong lugar na ginagamit, sa isang estado o gobyernong pasilidad, sistema ng pampublikong sasakyan, o istrukturang pasilidad.10. Ang paglabag ng Racketeer Influenced and Corrupt Organization Act, ng 18 U.S.C. 1961, <i>et seq.</i>, o kahalintulad ng batas ng Estado, na ang isa sa mga ginawa na napatunayan ng hurado o inamin ng nasasakdal, nagtataglay ng isa sa mga krimen na nasa Kolumna A.11. Tangkang paggawa ng krimen na nasa Kolumna A, Bilang 1-4.12. Sabwatan o tangkang paggawa ng mga krimen sa Kolumna A, bilang 5-10.	<ol style="list-style-type: none">2. Panginigkil.3. Kasinungalingan, pandaraya o panlilinlang, kasama ang pandaraya sa “I.D.” at pandarabong na may kaugnayan sa krimen na inilalarawan sa Kolumna A o B. Ang pandaraya sa pagkakanganggawa at pag-iisyu ng mga tumalbog na tseke ay hindi tinuturing na kasinungalingan, pandaraya, o panlilinlang para sa layunin ng parapong ito.4. Panunuho.5. Iligal na Pagpupuslit.6. Mga paglabag sa immigration.7. Pamamahagi ng, pagmamay-ari na may balak na ipamahagi, o pag-aangkat ng mga pinagbabawal na gamot.8. Panununog.9. Pagdukot o pagbihag ng tao na may layuning ipatubos.10. Panggagahasa o malubhang pang-aabusong sekswal.11. Pagsalakay na may balak pumatay.12. Pagnanakaw.13. Pagpasok sa daungang-dagat na may pandaraya tulad ng nakasaad sa 18 U.S.C. 1036 o sa kahalintulad na batas ng Estado.14. Ang paglabag ng Racketeer Influenced and Corrupt Organization Act, ng 18 U.S.C. 1961, <i>et seq.</i>, o kahalintulad ng batas ng Estado, maliban sa mga paglabag na nakasaad sa Kolumna A, bilang 10.15. Sabwatan o tangkang paggawa ng mga krimen na nakatala sa Kolumna B.

Ang mga naunang edisyon ng pormularyong ito ay wala na sa sirkulasyon.